Ang Coronavirus (COVID-19) at ang NDIS

Mga pagbabago sa paraan kung paano gumagana ang NDIS

Madaling Basahin na bersyon

Pambansang Sistema ng Seguro para sa May-kapansanan

Paano ang paggamit ng dokumentong ito

Ang Pambansang Ahensya ng Seguro para sa May-Kapansanan (NDIA) ang sumulat ng dokumentong ito. Kapag nakita ninyo ang salitang 'kami', ang NDIA ang tinutukoy nito.

Isinulat namin ang impormasyong ito sa madaling basahing paraan.

Sumulat din kami ng ilang mga salita na **bold (makapal)**. Ipapaliwanag namin kung ano ang ibig sabihin ng mga salitang ito. May listahan ng mga salitang ito sa pahina 13.

Ang Madaling Basahin na dokumentong ito ay isang buod ng isa pang dokumento.

Mahahanap mo ang ibang dokumento sa aming website na **www.ndis.gov.au**

Makahihingi ka ng tulong upang basahin ang dokumentong ito. Ang isang kaibigan, kapamilya o taong tagasuporta ay maaaring makatulong sa iyo.

Ano ang nasa dokumentong ito?

Ano ang coronavirus? 3

Mga pagbabago sa paraan kung paano gumagana ang NDIS 3

Pakikilahok sa NDIS 4

Pagrepaso ng inyong plano 5

Ano ang nilalaman ng susunod ninyong plano 8

Gawing pangmatagalan ang mga plano 8

Suporta para sa mga bata na wala pang 7 taong gulang 9

Naiibang paggamit ng pondo sa inyong plano 10

Listahan ng mga salita 13

Kontakin kami 14

Ano ang coronavirus?

Ang coronavirus (COVID-19) ay isang **virus** na nakaapekto sa maraming tao sa buong mundo.

Ang virus ay isang karamdaman o sakit na madaling kumalat mula sa isang tao papunta sa ibang tao.

Ang coronavirus ay mabilis na kumakalat.

Ang coronavirus ay itinuturing na isang **pandemic**.

Ang pandemic ay nangyayari kapag ang isang virus ay kumakalat nang mabilis sa maraming mga bansa sa mundo.

Mga pagbabago sa paraan kung paano gumagana ang NDIS

Ang coronavirus ay nakakaapekto sa maraming tao sa Australya.

Kailangan naming baguhin ang aming ginagawa upang protektahan:

- kayo
- ang mga manggagawang tagasuporta
- ang mga tao sa komunidad.

Marami ang itinanong sa amin ng mga tao tungkol sa mga pagbabagong ito.

Ang pangunahing itinatanong ng mga tao ay tungkol sa:

- Pakikilahok sa NDIS
- Pagrepaso ng inyong plano
- Ano ang nilalaman ng susunod ninyong plano
- Gawing pangmatagalan ang mga plano
- Suporta para sa mga bata na wala pang 7 taong gulang
- Naiibang paggamit ng pondo na nasa inyong plano.

Sinagot namin ang marami sa mga itinanong sa amin sa sumusunod na mga pahina.

Pakikilahok sa NDIS

Ang mga tanong sa seksyon na ito ay mula sa mga tao na nais makilahok sa NDIS.

Paano ako makagagawa ng isang Access Request (Hiling sa Paggamit)?

Ang isang **Access Request** ang unang hakbang sa paglahok sa NDIS.

Kapag kayo ay gumawa ng isang Access Request, kayo ay humihiling na makilahok sa NDIS.

Makagagawa pa rin kayo ng isang Access Request.

Maaari ninyong ipadala sa koreo ang isang Pormularyo ng Access Request sa amin:

Address sa koreo – GPO Box 700

Canberra

ACT 2601

O matatawagan ninyo kami sa **1800 800 110**.

Gumawa na ako ng isang Access Request, ano ngayon ang mangyayari?

Titingnan namin ang inyong Access Request at titingnan kung kayo ay **marapat** na makilahok sa NDIS.

Upang maging marapat, dapat ninyong matugunan ang aming mga tuntunin tungkol sa kung sino ang maaaring makilahok sa NDIS.

Tatawagan namin kayo upang mag-ayos ng isang miting sa pagpaplano.

Ang miting na ito ay isasagawa:

- sa pamamagitan ng telepono
- sa pamamagitan ng email.

Kami ay hindi maaaring makipagmiting nang harapan tungkol sa inyong pagpaplano sa panahong ito.

Pagrepaso ng inyong plano

Kung kayo ay **magrerepaso** ng isang bagay, pag-aaralan ninyo ito nang maigi at titingnan kung gaano kagaling ang paggana nito.

Ang mga tanong sa seksyon na ito ay mula sa mga tao na kailangang magparepaso ang kanilang
mga plano.

Ano ang mangyayari kung nag-book na ako upang iparepaso ang aking plano?

Kami ay nagrerepaso pa rin ng mga plano.

Kung kayo ay nag-book para magparepaso ng isang plano, gagawin namin ito:

- sa pamamagitan ng telepono
- sa pamamagitan ng email.

Aabisuhan namin kayo kung may mababago pang iba.

Ano ang aking gagawin kung malapit nang matapos ang aking plano, nguni't wala pa akong naka-book na miting sa pagpaplano?

Kung ang inyong plano ay malapit nang matapos, paaabutin namin nang 1 pang taon ang kasalukuyan ninyong plano.

Kayo ay kokontakin namin at mag-aayos ng oras upang magrepaso ng plano sa pamamagitan ng telepono.

Kakausapin namin kayo tungkol sa paggawa ng inyong plano na pangmatagalan kung kailangan ninyo ng mas matagal na plano.

Maaari namin itong paabutin nang hanggang 2 taon.

Kung ang inyong plano ay malapit nang matapos at kayo ay nasisiyahan doon, hindi ninyo kailangang
gumawa ng anuman.

Ano ang aking gagawin kung ako ay naghihintay sa aking bagong plano?

Ang luma ninyong plano ay maaaring matapos habang kayo ay naghihintay sa inyong bagong plano.

Kung mangyayari ito, hindi ninyo kailangang gumawa ng anuman.

Magagawa naming paabutin nang 1 pang taon ang inyong lumang plano.

Pagkatapos, kapag handa na ang inyong bagong plano, masisimulan na ninyo itong gamitin.

Padadalhan namin kayo sa koreo ng kopya ng inyong plano.

Hindi ninyo kami kailangang kontakin kung kayo ay:

- nakipagmiting na sa pagpaplano
- hindi pa tumatanggap sa koreo ng inyong bagong plano.

Ano ang mangyayari kung ako ay naghihintay na makatanggap ng aking unang plano?

Kung kami ay nagpadala sa inyo ng sulat na nagsasabing kayo ay marapat makilahok sa NDIS, tatawagan namin kayo sa lalong madaling panahon.

Ang inyong unang miting sa pagpaplano ay:

- sa pamamagitan ng telepono
- sa pamamagitan ng email.

Paano kung kailangan kong gumawa ng mahahalagang mga pagbabago sa aking plano?

Maaari ninyo kaming tawagan sa **1800 800 110**.

Matutulungan namin kayo kung:

- kailangan ninyong gumawa ng mahahalagang mga pagbabago sa mga suporta sa inyong plano
- kailangan ninyong mabilisang gumawa ng pagbabago
- ang inyong plano ay hindi naglalaman ng mga suporta na kailangan ninyo.

Kayo ay makakukuha pa rin ng pondo para sa inyong mga suporta hanggang sa handa na ang inyong bagong plano.

Kayo ay maaaring mag-email sa amin sa:

- ipaliwanag kung bakit kailangan ninyo ng iba't ibang suporta
- bigyan kami ng katunayan na kailangan ninyo ang mga suportang ito.

Ang pagrepaso ba ng aking plano ay kakaiba sa ginawa noong nakaraan?

Oo, sa ngayon isasagawa namin ang pagrepaso ng inyong plano:

- sa pamamagitan ng telepono
- sa pamamagitan ng email.

Kokontakin namin kayo upang masabi ninyo sa amin kung paano ninyo nais isagawa ang
pagrepaso ng inyong plano.

Sa oras ng pagrepaso, maaari ninyong sabihin sa amin ang tungkol sa anumang mga pagbabago sa inyong:

- mga kinakailangang suporta
- mga mithiin.

Kayo ay maaaring mag-email sa amin sa:

- ipaliwanag kung bakit kailangan ninyo ng iba't ibang suporta
- bigyan kami ng katunayan na kailangan ninyo ang mga suportang ito.

Humiling ako ng pagrepaso ng plano, nguni't hanggang ngayon ay wala pa rin akong balita. Ano ang nararapat kong gawin?

Kokontakin namin kayo upang sabihin sa inyo ang tungkol sa pagrepaso ng inyong plano.

Maaari ninyong patuloy na gamitin ang lumang plano hanggang sa:

- magawa namin ang pagrepaso
- maging handa na ang inyong bagong plano.

Ano ang nilalaman ng susunod ninyong plano

Ang tanong sa seksyon na ito ay mula sa mga tao na nangangailangan ng bagong plano.

Mababawasan ba ang makukuha ko sa aking susunod na plano dahil sa coronavirus pandemic?

Hindi.

Ang pera na inyong makukuha sa inyong susunod na plano ay maaaring magbago.

Nguni't ito ay hindi dahil sa coronavirus pandemic.

Ito ay magbabago lamang kung ang inyong nga kinakailangang suporta ay nagbago.

Gawing pangmatagalan ang mga plano

Ang tanong sa seksyon na ito ay mula sa mga tao na nagnanais na gawing pangmatagalan ang susunod nilang plano.

Paano kung nais ko ng isang plano na tatagal nang mahigit sa 1 taon?

Kakausapin namin kayo tungkol sa inyong mga kinakailangang suporta at mga mithiin sa inyong susunod na miting sa pagpaplano.

Kung ang inyong mga kinakailangang suporta at mga mithiin ay mananatiling walang pagbabago, kayo ay mabibigyan namin ng isang plano na tatagal nang hanggang 2 taon.

Kung ang inyong mga kinakailangang suporta at mga mithiin ay magbabago sa loob ng 2 taon, kayo ay makahihiling ng pagrepaso ng plano.

Suporta para sa mga bata na wala pang 7 taong gulang

Ang mga tanong sa seksyon na ito ay mula sa mga magulang at mga tagapag-alaga na nangangalaga sa isang may-kapansanang bata na wala pang 7 taong gulang.

Ang mga bata ay maraming ipinagbabago sa bawa't taon.

Ang kanilang mga kinakailangang suporta at mga mithiin ay maaaring magkaroon din ng maraming pagbabago.

Mahalagang pag-usapan natin ang tungkol sa inyong anak na:

- mga mithiin
- mga kinakailangang suporta.

Nirepaso kamakailan lamang ang plano ng aking anak. Gaano dapat tumagal ang bagong plano ng aking anak?

Ang inyong partner sa early childhood ay tutulong sa inyo na magpasya kung gaano dapat magtagal ang bagong plano ng inyong anak.

Dapat ninyong pag-isipan ang tungkol sa inyong anak na:

- mga mithiin
- mga kinakailangang suporta.

Malapit nang matapos ang plano ng aking anak. Gaano dapat tumagal ang bagong plano ng aking anak?

Kami ay nagrerepaso pa rin ng mga plano.

Kung ang plano ng inyong anak ay malapit nang matapos, paaabutin namin nang 1 pang taon ang kasalukuyan niyang plano.

Nangangahulugan ito na kayo ay makakukuha pa rin ng pondo na kinakailangan ng inyong anak.

Kayo ay kokontakin namin at mag-aayos ng oras upang magrepaso ng plano sa pamamagitan ng telepono.

Ano ang mangyayari kung ang aking anak ay nasa pansamantalang 6-na-buwang plano?

Pansamantala ay nangangahulugang para sa isang maikling panahon.

Kung ang pansamantalang 6-na-buwang plano ng inyong anak ay malapit nang matapos:

- ang inyong partner sa early childhood ay makikipag-ugnay sa inyo tungkol sa pagrepaso ng plano
- bibigyan namin sila ng 1-taon na plano hanggang sa maging handa na ang kanilang bagong plano.

Sa isang pansamantalang 6-na-buwang plano, ang inyong anak ay tumatanggap ng $10,000 na pondo.

Sa bagong 1-taon na plano, ang inyong anak ay tatanggap ng $20,000 na pondo.

Ito ay nangangahulugan na makakukuha pa rin kayo ng pondo na kinakailangan ng inyong anak.

Naiibang paggamit ng pondo sa inyong plano

Ang mga tanong sa seksyon na ito ay mula sa mga tao na nais gamitin ang pondo sa kanilang mga plano sa naiibang paraan.

Paano kung gusto kong gamitin sa naiibang paraan ang pondo sa aking plano?

Kayo ay may higit pang kontrol sa paggasta ng inyong **Core Supports (Buod ng mga Suporta)** na budget.

Ang inyong Core Supports ang mga suporta at mga serbisyo na kailangan ninyo at pinakamadalas na ginagamit.

Kayo ay makakapagpasya kung paano gagastahin ang inyong Core Supports na budget para sa araw-araw na suportang kailangan ninyo.

Ang suportang ito ay maaaring kabilangan ng pagbabayad sa mga manggagawang tagasuporta na tumutulong sa:

- pamimili ng pagkain
- iba pang mga gawain sa araw-araw.

Ito ay maaaring makatulong kung hindi kayo makaalis ng bahay dahil sa coronavirus pandemic.

Hindi ninyo maaaring gastahin ang inyong Core Supports na budget sa **personal na mga gastusin**.

Ang personal na mga gastusin ay mga bagay na kailangan ninyong bilhin o bayaran kagaya ng:

- pagkain
- upa
- mga bill.

Paano ko magagamit ang pondo sa aking plano?

Kung nais ninyo ng higit na kontrol kung paano ninyo gagastusin ang pera sa inyong plano, kayo ay maaaring **sariling-magmahala**.

Kung kayo ay sariling-magmamahala ng inyong plano, kayo ay maaaring:

- mamahala ng lahat o bahagi lang ng inyong pondo mula sa NDIS
- pumili ng mga suporta na inyong gagamitin upang makamit ang inyong mga mithiin.

Maaari kaming makipag-usap sa inyo tungkol sa sariling-pamamahala sa susunod na pagrepaso ng inyong plano.

Maaaring hindi ninyo kayang sariling- pamahalaan ang lahat ng nasa inyong plano.

Ano ang mangyayari kung ang aking mga manggagawang tagasuporta ay hindi na makakasuporta sa akin?

Kung ang inyong palagiang mga manggagawang tagasuporta ay hindi na makakasuporta sa inyo, dapat silang kumontak sa inyo.

Sila ay dapat tumiyak na ang bagong mga manggagawang tagasuporta ay darating at susuporta sa inyo.

Tiyakin ninyong abisuhan ang inyong provider (tagapagbigay ng serbisyo) kung ano ang inyong mga kinakailangang suporta.

Ito ay titiyak na magpapadala sila ng tamang manggagawang tagasuporta para sa inyo.

Lahat ng mga provider ng NDIS ay dapat sumunod sa:

- Kodigo ng Pag-aasal ng NDIS
- Mga Pamantayan ng Pagtatrabaho ng NDIS.

May 2 mahahalagang dokumento na nagpapaliwanag kung paano dapat tratuhin ng mga provider ng NDIS ang mga tao na may kapansanan.

Listahan ng mga salita

Access Request (Hiling sa Paggamit)

Ang Access Request ang unang hakbang upang makilahok sa NDIS.

Kapag kayo ay gumawa ng isang Access Request, kayo ay humihiling na makilahok sa NDIS.

Core Supports (Buod ng mga Suporta)

Ang inyong Core Supports ang mga suporta at mga serbisyo na kailangan ninyo at pinakamadalas na ginagamit.

Marapat

Upang maging marapat, dapat ninyong matugunan ang aming mga tuntunin tungkol sa kung sino ang maaaring makilahok sa NDIS.

Pandemic

Ang pandemic ay nangyayari kapag ang isang virus ay kumakalat nang mabilis sa maraming mga bansa sa mundo.

Personal na mga gastusin

Ang personal na mga gastusin ay mga bagay na kailangan ninyong bilhin o bayaran kagaya ng:

- pagkain
- upa
- mga bill.

Pagrepaso

Kung kayo ay magrerepaso ng isang bagay, pag-aaralan ninyo itong maigi at titingnan kung gaano kagaling ang paggana nito.

Sariling-pamamahala

Kung kayo ay sariling-magmamahala ng inyong plano, kayo ay maaaring:

- mamahala ng lahat o bahagi lang ng inyong pondo mula sa NDIS
- pumili ng mga suporta na inyong gagamitin upang makamit ang inyong mga mithiin.

Pansamantala

Pansamantala ay nangangahulugang para sa maikling panahon.

Virus

Ang virus ay isang karamdaman o sakit na madaling kumalat mula sa isang tao papunta sa ibang tao.

Kontakin kami

Telepono – 1800 800 110

Email – **enquiries@ndis.gov.au**

Address sa koreo – GPO Box 700

Canberra

ACT 2601

Website – **www.ndis.gov.au**

Ang Information Access Group ang lumikha nitong salita-lamang na Madaling Basahin na dokumento.
Para sa anumang mga tanong, mangyaring bisitahin ang **www.informationaccessgroup.com**.
Banggitin ang numero ng trabaho na 3506.